

Organizer: Kanagawa International Foundation
Seminar sa Sistemang Panlipunan

Alamin ang Ukol sa Sistema ng Pensiyaon!

~Mga dapat malaman para magugol ng may kapayapaan
ang isipan sa panahon ng pagtanda o nagkapinsala~



ika-29 ng Enero, 2022 (Sabado)

Office Saitou

SATOU Kumiko

Labor and Social Security Attorney & Public Notary

Pag-uusapan ngayon

- Tungkol sa Pambansang Pensiyon (Kokumin Nenkin)
- Tungkol sa mga taong sumapi
- Tungkol sa bayad sa seguro (Hoken-ryo)
- Tungkol sa “regular na serbisyo ng pensiyon” (Nenkin Teikiben)
- Tungkol sa mga benepisyong matatanggap
- Tungkol sa kasunduan sa social security (Shakai Hosho Kyotei)



Ano ba ang Sistema ng Pambansang Pensiyon?



Ang Pambansang Pensiyon

ay isang sistema na nagpapahintulot sa lahat na

mga taong naninirahan sa Japan na suportahan ang isa't-isa.

① Mahigit edad $65\pm$ nang pagiging matanda

($\Rightarrow$ Pensiyon Nagkaroon ng kapansanan sa Katandaan “Rorei Nenkin”)

② na ang dahilan ay sakit o pinsala

($\Rightarrow$ Pensiyon ng mga may kapansanan “Shogai Nenkin”)

③ Sa oras na namatay ($\Rightarrow$ Pensiyon sa Naulila “Izoku Nenkin”)

Maaaring makatanggap ng pensiyon (nenkin) bilang pansarili o nang naulilang pamilya na seguridad sa pamumuhay.

Sino ang sasapi?

- Nasa alituntunin na lahat na taong nasa edad 20 pataas at wala pang edad 60 na mga nakatira sa loob ng Japan ay patakaran ang pagsapi sa Pambansang Pensiyon.
- Hindi mahalaga ang nasyonalidad.
- Nahahati sa 3 uri ang mga kasapi.
 - ① No.1 na nakasegurong tao
 - ② No.2 na nakasegurong tao
 - ③ No.3 na nakasegurong tao



Pambansang Pensiyon(Kokumin Nenkin) at Pension sa Kapakanan (Kosei Nenkin)

Pensiyon sa
Kapakanan
(Kosei Nenkin)

Pambansang Pensiyon (Kokumin Nenkin) (Pangunahing Pensiyon)

① No.1 na
nakasegurong tao

Self-employed, estudyante,
part-timer, at iba pa

② No. 2 na
nakasegurong tao

Empleyado, kawani ng
gobyerno, at iba pa

③ No. 3 na
nakasegurong tao

Maybahay (asawa), part-
timer, at iba pa

No. 2

©Mga taong kasapi

- Empleyado, kawani ng gobyerno at iba pa
- Mga taong kasapi sa **Pensiyon sa Kapakanan** (maliban sa tumatanggap ng Pensiyon sa Katandaan na mahigit edad 65.)
- Maaari ang wala pang 20 ang edad o mahigit edad 60, maaari ang kahit hindi nakatira sa loob ng bansa
- **Ang proseso sa pagsapi ay ang pinagtatrabahuhan** ang gagawa.

©Bayad sa Seguro

- Karaniwang buwanang suweldo
(karaniwang bonus) $\times$ 18.3%
- **Hati sa papasaning pagbabayad** ang manggagawa at ang may-ari ng pinagtatrabahuhan
- Ibinabawas sa suweldo at ang **pinagtatrabahuhan ang magbabayad**



No. 3

©Mga taong kasapi

- Maybahay (asawa), part-timer at iba pa
- Dependent sa mga nasa No.2 na asawa (Pamantayan sa Segurong Pangkalusugan)
- Mga nakatira sa loob ng bansa na mahigit edad 20 at wala pang edad 60
- Ang gagawa ng proseso sa pagsapi ay ang pinagtatrabahuhan ng nasa No. 2

©Bayad sa Seguro

- Walang pansariling bayarin



No. 1

©Mga taong kasapi

- Mga nakatira sa loob ng bansa na mahigit edad 20 at wala pang edad 60
- Mga taong **hindi kasama sa No.2 at No.3**
- Self-employed, estudyante, part-timer, mga taong nagtatrabaho sa establisyimento ng negosyo na hindi sakop ng Pensiyon sa Kapakanan, freeter(furita), at iba pa
- Ang proseso sa pagsapi ay **pupunta ang sasapi sa munisipyo ng tinitirhang lugar o sa tanggapan ng pensiyon para gawin**




©Bayad sa Seguro

- Flat-rate na Sistema(teigaku-sei): 16,610 yen bawat buwan (Taong 2021) **Magbabayad ng pansarili**
- May sistema para sa exemption/pagpapaliban
- May karagdagang bayad sa seguro (400 yen bawat buwan)

Ano ang numero ko?

Pagsapi sa Pambansang Pensiyon (Kokumin Nenkin Kanyu)



Mag-ingat sa oras na ikaw ay napa-No. 1 ! Kinakailangan ang pansariling pagproseso

Lugar para sa proseso: **Munisipyo ng tinitirhang lugar o sa tanggapan ng pensiyon**

© No. 2 $\Rightarrow$ sa oras na napa-No. 1

- Nagretiro sa kumpanya

© No. 3 $\Rightarrow$ sa oras na napa-No. 1

- Ang asawa na nasa No. 2 ay nagretiro
- Nag-diborsyo
- Tumaas ang pansariling kita

(Indikasyon: Taunang kita ay mataas sa 1,300,000 yen)

- Ang nasa No. 2 na asawa ay nag-65 na ang edad kaya tumanggap na ng pensiyon sa katandaan



Ang bayad sa seguro ng No.1 ay may sistema ng exemption/pagpapaliban

Para sa mga taong mahirap makapagbayad ng bayarin sa seguro dahil sa pang-ekonomiyang suliranin. Maaaring magbayad sa ibang pagkakataon sa loob ng walang 10 taon (may karagdagang bayad).

① Sistema sa exemption

Kapag ang kitang pansarili/pinuno ng sambahayan/asawa noong nakaraang taon ay mababa sa nakatalagang halaga, sa pamamagitan ng aplikasyon ang kabuuang bayad sa seguro o kaya ay ang bahagi ay hindi na kailangang bayaran (exemption).

Taong 2021	Kabuuang babayaran	$\frac{1}{4}$ na exemption sa babayaran	Kalahati ang exemption sa babayaran	$\frac{3}{4}$ na exemption sa babayaran	Exemption sa kabuuang halaga ng babayaran
Halaga ng bayad sa seguro buwan-buwan	16,610 yen	12,460 yen	8,310 yen	4,150 yen	0 yen
Sanggunian: Halaga ng Pangunahing Pensiyon sa Katandaan	100.0% (780,900 yen)	87.5% (683,288 yen)	75.0% (585,675 yen)	62.5% (488,063 yen)	50.0% (390,450 yen)

Ang bayad sa seguro ng No. 1 ay may sistema ng exemption/pagpapaliban

② Sistema sa Pagpapaliban ng Pagbabayad

Mga taong wala pang edad 50, kapag ang kitang pansarili/kita ng asawa ay mababa sa nakatalagang halaga noong nakaraang taon, sa pamamagitan ng aplikasyon ang pagbabayad ng bayad sa seguro ay maaaring i-extend (ipagpaliban).

③ Natatanging kaso sa pagbabayad ng isang estudyante (Gakusei Nofu Tokurei)

Kapag isang estudyante at mababa ang pansariling kita sa tiyak na halaga noong nakaraang taon, sa pamamagitan ng aplikasyon ang pagbabayad ng bayad sa seguro maaaring i-extend (ipagpaliban).

⇒ Kapag nasa ② at ③, magdadagdag ng 10 taon ang panahon ng kwalipikasyon ngunit ang halaga ng pangunahing pensiyon sa katandaan ay hindi madadagdagan. Kapag hindi magpoproseso (Hindi nagbayad) ay hindi tataas ang kahit alin.

⇒ Ang iba pa ay kapag bumaba ang kita dahil sa nawalan ng trabaho o kaya ay dahil sa Covid-19, maaari ding mag-apply para sa exemption/pagpapaliban.

Ang bayad sa seguro ng No.1 ay may sistema ng exemption/pagpapaliban

©Mga indikasyon sa pag-apply ng exemption/pagpapaliban

Nakaraang taon (Mula Enero hanggang Hunyo ay mag-apply sa loob ng huling 2 taon) na kita ay dapat na mas mababa o katumbas ng halagang ipinapakita sa ibaba

(1) Exemption sa **kabuuhang halaga**:

$(\text{Bilang ng mga dependent na kapamilya} + 1) \times 350,000 \text{ yen} + 320,000 \text{ yen}$

(2) Exemption sa **$\frac{3}{4}$ na halaga**:

$880,000 \text{ yen} + \text{bilang ng mga dependent na kapamilya} \times 380,000 \text{ yen} \times$

(3) Exemption sa **kalahating halaga**:

$1,280,000 \text{ yen} + \text{bilang ng mga dependent na kapamilya} \times 380,000 \text{ yen} \times$

(4) Exemption sa **$\frac{1}{4}$ na halaga**:

$1,680,000 \text{ yen} + \text{bilang ng mga dependent na kapamilya} \times 380,000 \text{ yen} \times$

(5) Sistema sa **pagpapaliban sa pagbabayad**:


$(\text{Bilang ng mga dependent na kapamilya} + 1) \times 350,000 \text{ yen} + 320,000 \text{ yen}$

(6) **Natatanging kaso sa pagbabayad ng isang estudyante**:

$1,280,000 \text{ yen} + \text{bilang ng mga dependent na kapamilya} \times 380,000 \text{ yen} \times$

✖ Kung parehas ang kabuhayan ng asawa na magkasamang namumuhay ay 480,000 yen, kung may partikular na dependent na kapamilyang nasa edad 16 pataas at wala pang edad 23 ay 630,000 yen

10 taon ang kailangan para sa panahon ng pagiging kwalipikado



Alituntunin na mula edad 65 ay makakatanggap na ng pensiyon sa katandaan

✖panahong blangko

Pambihirang panahon para madagdagan ang panahon para sa kwalipikasyon (hindi magdadagdag ang halaga ng pensiyon)

Halimbawa ng panahong blangko


Mula ika-1 ng Mayo 1961, ang mga edad 20 hanggang edad 65 na mga taong nakakuha ng Japanese nationality o nabigyan ng permiso bilang permanent resident na

① Nakatira sa Japan na hindi nakasapi sa Pambansang Pensiyon sa panahon ng Abril 1961 ~ Disyembre 1981

② Nakatira sa ibang bansana mula Abril 1961 hanggang sa araw bago nakakuha ng Japanese nationality na panahon.

Mahigit edad 20 hanggang wala pang edad 60 na panahon

※ Dumating na dayuhang babae sa Japan, pagkatapos na magpakasal sa isang empleyado na nakatira sa Japan ay naging Japanese national na halimbawa



★ Dokumentong patunay (Patunayan ng sarili) sa panahong blangko

Dokumentong malalaman ang araw ng pagdating sa Japan o kaya ay ang pagiging Japanese national

- Registration Card (Ministry of Justice, para sa mga Dayuhan Immigration Bureau)
- Pasaporte
- Card bilang residente (juminhyo)
- Rehistro ng pamilya (Kosekitohon) at iba pa



Ang “Regular na Serbisyo ng Pensiyon” ay ikumpirma!

- Nilalaman Impormasyon sa **Pensiyon sa Katandaan**
- Target **Taong kasapi sa Pambansang Pensiyon/ Pensiyon sa Kapakanan** (Kasama ang taong tumatanggap ng pensiyon sa katandaan)
- Panahon **Taon-taon sa buwan ng kapanganakan** ay ipapadala sa pamamagitan ng koreyo (kung a-uno ang kapanganakan ay ipapadala sa nakaraang buwan)



Pag-uuri	Format ng Pagpapadala	Pangunahing Nilalaman	
Wala pang edad 50	postcard	Katayuan ng pagsapi para sa nakaraang taon	• Halaga ng dapat bayarang seguro • Panahong kasapi sa pensiyon
Edad 35/45 (Milestone Age)	Selyadong sulat	Impormasyon sa rekord ng pensiyon para sa buong panahon na kasapi	• Halaga ng pensiyon ayon sa nakaraang tala ng pagsapi
Mahigit edad 50	postcard	Katayuan ng pagsapi para sa nakaraang taon	• Halaga ng dapat bayarang seguro • Panahong kasapi sa pensiyon • Inaasahang halaga ng pensiyon (maliban sa mga tatanggap)
Edad 59 (Milestone Age)	Selyadong sulat	Impormasyon sa rekord ng pensiyon para sa buong panahon na kasapi	

Kung paano basahin ang panahon na kasapi sa pensiyon ng “Regular na Serbisyo ng Pensiyon”

Hanggang sa ngayon na panahong kasapi sa pensiyon (Para makatanggap ng pensiyon sa pagtanda, nasa alituntunin na kinakailangang mahigit na 120 buwan ang panahon ng kwalipikasyon sa pagtanggap.)

2. これまでの年金加入期間（老齢年金の受け取りには、原則として120月以上の受給資格期間が必要です）

国民年金 (a) Pambansang Pensiyon (a)			船員保険 (c)	年金加入期間 合計 (未納月数を除く) (a + b + c)	合算対象期間等 (d)	受給資格期間 (a + b + c + d)
第1号被保険者 (未納月数を除く)	第3号被保険者	国民年金 計 (未納月数を除く)				
75 月	0 月	75 月	0 月		(d)	
Seguro ng Pensiyon sa Kapakanan (b) 厚生年金保険 (b)				455 月	0 月	455 月
一般厚生年金	公務員厚生年金	私学共済厚生年金	厚生年金保険 計			
380 月	0 月	0 月	380 月			

Panahon ng Kwalipikasyon sa Pagtanggap

Pambansang Pensiyon Kabuuan

Seguro ng Pensiyon sa Kapakanan Kabuuan

Panahon na Kasapi sa Pensiyon Kabuuan

Mahigit nang 120 buwan (10 taon) ± na ba?
⇒ Pension sa Katandaan atbp. at relasyon

Mahigit nang 300 buwan (25 taon) ± na ba?
⇒ Pensiyon ng naulila atbp. at relasyon

“Regular na Serbisyo ng Pensiyon” at Aplikasyon sa Permisong bilang Permanent Resident

Mula noong taong 2019 kapag nag-apply na maging permanent resident, kinakailangan na ang papeles na nagpapatunay ng **katayuan sa pagbabayad ng seguro sa nakaraang 2 taon**. Partikular na mga papeles ay ang mga sumusunod.

- ① “Regular na Serbisyo ng Pensiyon” (Kung saan makikita ang impormasyon ng rekord sa buong panahon ng pensiyon)

Ang format ng postcard ay hindi maaaring gamitin. Ang bagay na kung saan makikita ang impormasyon ng rekord sa

buong panahon ng pensiyon ay maaaring mag-apply sa Japan Pension Service (Nihon Nenkin Kiko) para sa pag-isyu (P.27).

- ② Puntahan muna ang print screen at i-print ang “Rekord ng Pensiyon bawat buwan” na nasa screen ng “Pensiyon Net (Nenkin Net)”

Mula sa homepage ng Japan Pension Service (tingnan ang URL na nasa ibaba), ay maaaring magparehistro sa Pensiyon Net (Nenkin Net). https://www.nenkin.go.jp/n_net/index.html

- ③ Resibo ng Bayad sa Seguro ng Pambansang Pensiyon (Kokumin Nenkin Hoken-ryo Ryoshusho (Kopya)

Pensiyon sa Katandaan (Rorei Nenkin)



- Ang mga taong may mahigit na 10 taong panahon ng kwalipikasyon, pagkatapos ng edad 65, mula sa Pambansang Pensiyon (Kokumin Nenkin) ay makakatanggap ng panghabang buhay na “Pangunahing Pensiyon sa Katandaan (Rorei Kiso Nenkin)”. Mula sa Pambansang Pensiyon ay makakatanggap ng panghabang buhay na “Pangunahing Pensiyon sa Katandaan”.

Halaga bawat taon: 780,900 yen

(Halaga noong taong 2021 kapag nagbayad sa seguro sa loob ng 40 taon)

✕Hindi ito nangangahulugan na ang kondisyon ay 10 taon lang ang panahon ng kwalipikasyon.

Magiging ganito kasi $780,900 \text{ yen} \times 10 \text{ taon} / 40 \text{ taon} = 195,225 \text{ yen}$.

- Sa mga taong kasapi ng Pensiyon sa Kapakanan ay idadagdag ang “Pensiyon sa Kapakanan ng Katandaan (Rorei Kosei Nenkin)”. Ang halaga ng pensiyon ay pagpapasyahan sa pamamagitan ng mga nakaraang sahod at panahon na kasapi at iba pa.

Pensiyon ng mga may Kapansanan (Shogai Nenkin)

- Habang kasapi sa Pambansang Pensiyon na sa unang araw ng pagsusuri (shoshin) ay nagkasakit o kaya pinsala, na nagkaroon ng kapansanan at iba pa na ang katayuan ng kapansanan ay nasa Class 1 o kaya Class 2, mula sa Pambansang Pensiyon (Kokumin Nenkin) ay makakatanggap ng “Pangunahing Pensiyon ng mga may Kapansanan(Shogai Kiso Nenkin)”.
Halaga bawat taon: 976,125 yen
(Halaga noong taong 2021 para sa Class 1)
780,900 yen (Halaga noong taong 2021 para sa Class 2)
※Maaaring hindi makatanggap kapag may panahong hindi nabayaranang bayad sa seguro.
- Kapag kasapi ng Pensiyon sa Kapakanan(Kosei Nenkin) ay idadagdag ang “Pensiyon para sa Kapakanan ng mga may Kapansanan(Shogai Kosei Nenkin)”.
Ang halaga ng pensiyon ay pagpapasyahan sa pamamagitan ng mga nakaraang pagbayad at panahon na kasapi at iba pa.



Pensiyon sa Naulilang Pamilya (Izoku Nenkin)

- Kapag namatay habang kasapi sa Pambansang Pensiyon (Kokumin Nenkin) ang taong kasapi, Ang naulilang pamilya na ang taong namatay ang **inaasahan sa pangkabuhayan (asawa na may anak, o anak)**, mula sa Pambansang Pension ay makakatanggap ng **“Pangunahing Pensiyon sa Naulila (Izoku Kiso Nenkin)”**.

Halaga bawat taon: **1,005,600 yen (780,900 yen + 224,700 yen)**

(Halagang ibinibigay noong taong 2021 kapag ang asawa ay may 1 anak)

※Maaaring hindi makatanggap kapag may panahong hindi nabayaranang bayad sa seguro.

- Kapag ang taong namatay ay kasapi ng Pensiyon sa Kapakanan (Kosei Nenkin) ay idadagdag ang **“Pensiyon sa Kapakanan ng Naulila (Izoku Kosei Nenkin)”**.

Ang halaga ng pensiyon ay pagpapasyahan **sa pamamagitan ng mga nakaraang pagbayad at panahon na kasapi at iba pa**. Magiging mas **malawak ang saklaw sa mga naulila**.

(Mga umaasa ng pangkabuhayan sa taong namatay ①Asawa/Anak② Ama at Ina③Apo④ Lolo at lola)²¹



Ano ang lump-sum death allowance (Shibo ichijikin)?

- Ang mga taong nasa nasa No. 1 na ang kabuuang buwan na binayaranang bayad sa seguro ay mahigit 36 na buwan (mahigit 3 taon), na kahit alin sa “Pangunahing Pensiyon sa Katandaan (Rorei Kiso Nenkin)” “Pangunahing Pensiyon sa mga may Kapansanan (Shogai Kiso Nenkin)” ay hindi pa nakakatanggap, kapag namatay ay sa umaasa sa kanyang naulilang pamilya ibibigay.

(① Asawa ② Anak ③ Ama at Ina ④ Apo ⑤ Lolo at lola ⑥ mga kapatid)

Bilang ng buwan na nagbayad ng bayad sa seguro	Halaga
Mahigit 36 na buwan wala pang 180 na buwan	120,000 yen
180 ~ 240	145,000
240 ~ 300	170,000
300 ~ 360	220,000
360 ~ 420	270,000
420 ~	320,000

Ano ang lump-sum payment sa pagtiwalag (Dattai Ichijikin)?



◎Taong maaaring mag-claim

Kasapi ng mahigit 6 na buwan sa Pambansang Pensiyon (Kokumin Nenkin) at Pensiyon sa Kapakanan (Kosei Nenkin), dayuhan na hindi makakatanggap ng pangunahing pensiyon sa pagtanda na nawalan ng katayuang nakaseguro, na walang 2 taon mula ng mawalan ng address sa loob ng Japan ay nag-claim, ay mabibigyan ng lump-sum payment sa pagtiwalag. Ang pagtanggap na panahon ng lump-sum payment sa pagtiwalag ay hindi maaaring maging panahon ng kwalipikasyon, kaya sa hinaharap na may posibilidad na tumanggap ng pensiyon sa pagtanda ng Japan ay kinakailangan ang pag-iingat.

◎Proseso

①Magsumite ng abiso na lilipat (tenshutsu-todoke) sa munisipyo ng tinitirhang lugar

②Pagkaalis ng bansa, ipadala sa Japan Pension Service ang invoice at kalakip na dokumento ng lump-sum payment sa pagtiwalag

(〒168-8505 Tokyo-to, Suginami-ku, Takaido-nishi 3-5-24)

Halaga ng lump-sum payment sa pagtitiwalag (Pambansang Pensiyon)

Imahe ng ibabalik na hanggang kalahati sa binayaranang bayad sa seguro (Taong 2021)

Bilang ng buwan na nagbayad ng bayad sa seguro			Bilang na ginamit sa pagkalkula ng halaga ng ibabayad	Halaga ng Bayad
Mahigit na 6 na buwan		walang 12 na buwan	6	49,830 yen
12	~	18	12	99,660
18	~	24	18	149,490
24	~	30	24	199,320
30	~	36	30	249,150
36	~	42	36	298,980
42	~	48	42	348,810
48	~	54	48	398,640
54	~	60	54	448,470
60	~		60	498,300

Ano ang kasunduan sa Social Security (Shakai Hoshō Kyotei)?

Kapag ipinadala ng kumpanya para magtrabaho sa ibang bansa, nasa alituntunin na dapat maging kasapi ng “**Parehong Sistema ng Pensiyon (Ryōhō no Nenkin Seido)**” ng sariling bansa at ng kapartner na bansa. Samakatuwid, kailangan

na pasanin mong magbayad ng doble ng bayad sa seguro,

Ang sariling pinasan na bayad sa seguro sa kapartner na bansa ay may mga pagkakataon na **hindi maikonekta sa pagbibigay ng pensiyon sa dahilang hindi sapat na panahon.**

©Pag-iwas sa dobleng pagsapi

Kapag ang kapartner na bansa ay ang nasa kanang bansa, Kung ipinadala ng kumpanya para magtrabaho sa **maikling panahon (tankikan)** na ang pagtatrabaho ay (matagal na ang **walang 5 taon**), maaari na ang **sumapi na lamang sa Sistema ng Pensiyon sa sariling bansa (pinagmulan ng pagpapadala).**



Mula sa homepage ng Japan Pension Service

Ano ang kasunduan sa Social Security(Shakai Hosho Kyotei)?

©Kabuuhanang panahon ng pagsapi sa pensiyon (maliban sa Inglatera, Korea, Tsina)


Kahit na sumapi sa sistema ng pensiyon sa ibang bansa, ang pagsaping panahon lamang ay hindi matutugunan ang kinakailangang panahon at malamang na ang bayad sa seguro ay maibasura .

Samakatuwid, sa kasunduang ito ay isinaalang-alang ng bawat-isa ang pagsaping panahon sa sistema ng pensiyon ng kapartner na bansa at ang panahon sa sariling bansa , sa pamamagitan ng pagkalkula ng kabuuhanang panahon ay maaari nang makakuha ng Akmang Kabayaran ng Pensiyon sa Katandaan(Rorei Nenkin Jukyu-ken). Sa tanggapan ng dalawang bansa na pumirma sa kasunduan, ang bawat-isa ay tumatanggap ng invoice ng pensiyon ng kapartner na bansa, at ipinadadala sa kapartner na bansa.

Sa tanggapan ng bawat bansa ay humiling at magpa-download ng form para sa invoice ng pension at iba pa na siyang may mga mekanismo para sa pag-download.

Para sa Pakikipag-ugnayan

©Korner ng Konsultasyon



Tanggapan ng Pensiyon

- Street Korner ng Pensiyon
- Consultation Center
- Munisipyo ng Lungsod o Purok/
Tanggapan ng Pamahalaan
sa Bayan

Ang mga taong nais malaman ang detalye ukol sa pension ay mangyaring tingnan ang HP ng Japan Pension Service.

<https://www.nenkin.go.jp/>

Maaaring tingnan ang pinakamalapit na lugar dito:

<https://www.nenkin.go.jp/section/index.html>

©Konsultasyon sa Telepono



(Sa oras na tumawag mula sa 050)

- Telepono sa pagtanggap ng reserbasyon 0570-05-4890 at 03-6631-7521
- Dial para sa pensiyon 0570-05-1165 at 03-6700-1165
- Dial na nakalaan para sa Regular na Serbisyo ng Pensiyon (Nenkin Teikibin)/ Pension Net
0570-058-555 at 03-6700-1144

Panghuli

Ang Sistema ng Pension ay isang sistema na makakatulong sa iyo at sa iyong pamilya sa oras ng emerhensiya. Kung hindi ka magpoproseso dahil lang sa hindi mo naiintindihan, magkakaroon ka ng problema sa pamumuhay sa pagtanda o kaya ay nagkapinsala at iba pa.

Gawing tama ang kinakailangan proseso, at halinang gumawa ng isang lipunan na ang lahat ay makakapaggugol ng oras nang may kapayapaan ang isipan.



Maraming salamat sa inyong pakikinig.

